



Australian  
**BORDER FORCE**

## Mahalagang impormasyon tungkol sa sapilitang kuwarantena para sa mga pasaherong maglalakbay sa Australya

### Mahalagang impormasyon tungkol sa mga pagsasaayos ng sapilitang kuwarantena para sa mga pasaherong paparating sa Australya

13 Agosto 2020

Bilang tugon sa pandemyang COVID-19, nagtalaga ang Australya ng mga paghihigpit sa paglalakbay at mga kahingian (requirements) sa sapilitang kuwarantena.

#### Lahat ng mga pasahero na paparating sa Australya ay sasailalim sa 14 na araw ng sapilitang kuwarantena sa kanilang unang lugar na lalapagan o dadaungan (port of arrival) sa Australya.

Ang mga manlalakbay ay bibigyan ng angkop na akomodasyon sa panahong ito at hindi papayagang maglakbay sa loob ng bansa (maging sa kanilang tirahan) o magpatuloy sa anumang mga konektang pagbiyahe hanggang hindi nakukumpleto ang 14 na araw na sapilitang kuwarantena.

Ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo, na may suporta mula sa Pamahalaang Australya, ang mamamahala sa mga pagsasaayos ng kuwarantena. Sa karamihan ng mga estado at teritoryo, hihilingan kang magbigay ng kontribusyon sa halaga ng kuwarantena. Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa nauugnay na mga pangkalusugang website ng pamahalaan ng estado at teritoryo.

#### Mga transit na pasahero

Ang internasyonal na mga transit na pasahero na paparating sa Australya ay maaaring sumakay sa isa pang internasyonal na flight na lilipad mula sa lungsod kung saan ka dumating. Ang mga transit na pasahero ay dapat

- manatili sa paliparan kung kailangan mong maghintay para sa iyong susunod na flight, nang hanggang 8 oras
- pumunta sa sapilitang kuwarantena sa isang itinalagang pasilidad ng estado kung ang paghihintay sa iyong susunod na flight ay mula 8 hanggang 72 oras

Ang mga transit na pasahero ay hindi maaaring maglakbay sa loob ng Australya, kahit pa kailangan nilang sumakay sa papaalis na internasyonal na flight sa ibang lungsod.

#### Ano ang aasahan pagdating sa Australya

- Hihilingin sa iyo na sundin ang lahat ng mga tagubilin sa iyo ng mga crew ng eroplano at mga opisyal ng pamahalaan pagdating mo sa Australya.
- Kukunin mo ang iyong bagahe at dadaan ka sa normal na mga proseso ng border clearance (customs, imigrasyon at biosecurity).
- Kasunod ng border clearance, ididirekta ka ng mga opisyal ng pamahalaan sa mga bus na maghahatid sa iyo sa iyong akomodasyon.
- Maaaring matagalan ang iyong paghihintay bago makarating sa iyong akomodasyon. Sisikapin ng mga opisyal ng pamahalaan na hangga't maaari ay gawing komportable ang ganitong mga paghihintay. Ang iyong pakikiisa at tiyaga ay pinahahalagahan.

#### Mga pagsasaayos para sa iyong 14 na araw na kuwarantena

- Ang mga opisyal ng pamahalaan na nasa akomodasyon para sa kuwarantena ay maghihintay sa iyong pagdating. Malugod nilang sasagutin ang iyong mga katanungan pagkarating mo at tutulungan ka sa panahon ng iyong kuwarantena.
- Ipapaubaya sa akomodasyon ang lahat ng mga amenidad at serbisyo na kakailanganin mo sa iyong paglagi. Kasama sa akomodasyon ang ligtas at malinis na matutuluyan, pagkain at tubig at medikal na suporta.
- Kung mayroon kang mga pangangailangan sa kalusugan, halimbawa mga reseta para sa regular na iniinom na mga gamot, gagawin ang mga pagsasaayos upang matugunan ang mga kinakailangang ito.
- Maaari kang suriin para sa COVID-19 sa unang 48 oras at pagkatapos ay sa pagitan ng ika-10 hanggang ika-12 na mga araw ng kuwarantena. Kung tatanggi kang magpasuri, maaaring kailanganin mong mag-kuwarantena nang mas mahabang panahon. Ang eksaktong pagsasaayos ng pagpapasuri ay depende sa mga estado at teritoryo.



Australian  
**BORDER FORCE**

## Mahalagang impormasyon tungkol sa sapolitang kuwarantena para sa mga pasaherong maglalakbay sa Australya

- Sa ilalim ng Biosecurity Act 2015 at naaangkop na batas ng estado, hihilingin sa iyo na manatili sa itinalagang akomodasyon hanggang ikaw ay masuri na ligtas at maaari nang (medically cleared) makapasok sa komunidad ng Australya.

Ang mga pagsasaayos na ito ay ipatutupad ng mga pamahalaan ng estado at teritoryo at susuportahan ng mga ahensya ng Pamahalaang Australya.

### **Pagkumpleto ng iyong 14 na araw ng kuwarantena**

Kapag nakumpleto mo na ang mga araw ng sapolitang kuwarantena, maaari ka nang maglakbay sa loob ng Australya. Pakitandaan na ang mga estado at teritoryo ay maaaring may mga kahingian (requirements) sa pagpasok at kuwarantena. Dapat mong basahin ang mga kahingian (requirements) sa pagpasok at kuwarantena ng bawat estado at teritoryo bago ang paglalakbay.

Ang website ng Kagawaran ng Kalusugan ng Pamahalaang Australya ay may mga link sa impormasyon ng estado at teritoryo tungkol sa mga paghihigpit sa paglalakbay <https://www.health.gov.au/news/health-alerts/novel-coronavirus-2019-ncov-health-alert/coronavirus-covid-19-restrictions/coronavirus-covid-19-advice-for-international-travellers#quarantine-for-incoming-travellers>